REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BLG. 96-260**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD NA HINIHILING SA SANGGUNIANG PANGLUNGSOD NG MUNTINLUPA NA BIGYAN NG KARAMPATANG PAGKILALA ANG NATATANGING PAGLILINGKOD NA IGINAWAD NINA SPO2 VIRGILIO SAGUM, SPO1 HENRY H. HIMBING AT PO3 EFREN LORESCA, MGA KAANIB NG PULISIYA NG MUNTINLUPA, HINGGIL SA PAGKAKADAKIP NG MAPANGANIB NA KRIMINAL NA SI ALFREDO INANO.**

****************************************

Ipinanukala ni : Kon. **MELCHOR R. TEVES**

****************************************

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay isa sa mga kabalikat ng iba't - ibang bahagi ng lipunan na naglalayon na mapangalagaan ang katahimikan at kapayapaan ng sambayanan;

**SAPAGKAT**, isa sa mabisang sangkap ng pagsugpo ng lumalaganap na kriminalidad at tandisang paglabag sa umiiral na batas ay ang ating mga butihing kagawad ng Pulisiya;

**SAPAGKAT**, ang mga magigiting at makatao nating alagad ng batas ay inialay ang kanilang buhay at lakas sa paglilingkod sa mga mamamayan;

**SAPAGKAT**, higit natin dapat pahalagahan at bigyang parangal ang kabutihang nagagawa ng isang matuwid at tapat na pulis, kaakibat ng mga pagkundena sa mga katiwaliang ginagawa ng iba pa;

**SAPAGKAT**, ang pagkakadakip sa isang puganteng kriminal tulad ni, Alfredo Inano ay isang sagwil sa mga masasamang elemento ng lipunan upang ipagpatuloy ang kanilang walang habas na paglabag sa ating mga batas;

**SAPAGKAT**, hindi lamang sa kanyang kamatayan nararapat bigyang parangal ang mga alagad ng batas ngunit lalo't higit ukol sa katangi-tangi at walang pag-iimbot na paglilingkod na kanyang ipinagkaloob sa bayan habang siya'y nabubuhay;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay nagkakaloob ng lubos na pagkilala sa natatanging paglilingkod na iginawad nina SPO2 Virgilio Sagum, SPO1 Henry Himbing at PO3 Efren Loresca, hinggil sa pagkakadakip ng isang puganteng kriminal sa katauhan ni Alfredo Inano.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod sa kanilang ika - 28 Regular na Sesyon na ginanap ngayong ika - 12 ng Pebrero, 1996 sa Silid Pulungan ng People's Center.

SINANG-AYUNAN:

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



**(LIban)**
**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**(Di-Lumahok)**
**KGG. PATRICIO L . BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**(Liban)**
**KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUNAYAN:

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINAGTIBAY:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod